Gamot kontra Pagkahilo at Kontra Pagsusuka

Karaniwang gamot kontra pagkahilo at kontra sa pagsusuka

Ang pagkahilo at pagsusuka ay hindi sakit pero sintomas ng iba't ibang sakit o kondisyon. Mayroong iba't ibang dahilan ang pagkahilo at pagsusuka. Kasama sa mga dahilang ito ay ang gastroenteritis, pagkalason sa pagkain, pagod sa byahe, reaksyon ng gamot, matinding sakit, sobrang pagkabalisa, kapansanan sa endocrine at concussion.

Mayroong tatlong karaniwang gamit na uri ng gamot kontra pagkahilo at pagsusuka:

1. Anticholinergics
   Pinipigilan nila ang sentro ng pagsuka sa utak at napaka epektibo ito sa pagpigil ng sakit sa pagbyahe. Hyoscine hydrobromide ay isang halimbawa.

2. Antihistamines
   Pinipigilan nila ang sentro ng pagsuka sa utak at binabawasan ang sobrang paggana ng reflex sa pagsusuka. Gumagana sila ng maayos para sa sakit sa pagbyahe gayundin sa sintomas ng pagkahilo at pagsusuka sanhi ng ibang kadahilanan. Ang karaniwang halimbawa ay cinnarizine at dimenhydrinate.

3. Phenothiazines
   Naiiwasan nila ang reflex sa pagsusuka na sanhi ng pagpapasigla ng chemoreceptor trigger zone sa utak. Ang uri ng gamot na ito ay makapipigil sa pagduduwal at pagsusuka sanhi ng radiotheraphy at chemotheraphy, pero hindi maaaring gumana sa sakit sa pagbyahe.

Payo sa Gamot

1. Ang gamot Kontra hilo at kontra pagsusuka ay makapagbibigay ng panandaliang ginhawa sa mga sintomas tulad ng pagkahilo at pagsusuka. Ang pinaka solusyon ay hanapin ang pangunahing dahilan at mabigyan ng tamang lunas
2. Maaaring hindi kinakailangan uminom ng gamot kontra sa pagsusuka para sa banayad na gastroenteritis, dahil maaari nitong pigilan ang sintomas at magiging sagabal sa inyong doktor sa paggawa ng tamang diagnosis. Kung magpatuloy ang

sintomas, kumuha ng medikal na konsultasyon.

3. Ang gamot kontra sa hilo at pag susuka ay maaaring makapagdulot ng antok. Huwag makisali sa mga delikadong aktibidad at huwag magmaneho o mag patakbo ng makinarya pagkatapos ng medikasyon.
4. Karamihan sa mga gamot na ito ay may epekto na pagpigil sa central nervous system kaya't hindi maaaring inumin ng may alcohol.
5. Ang mga babeng buntis at dapat na kumonsulta muna sa kanilang mga doktor bago gamitin ang gamot.
6. Ang madalas na pagsusuka pagkatapos ng pagkakabagok ng ulo ay isang babala. Kaagad kumuha ng pagsusuri sa departamento ng Aksidente at emergency.

Mga Pagbagay sa Buhay

1. Ang mga pasyenteng dumaranas ng pagsusuka o pagkahilo ay dapat na humiga at magpahinga.
2. Iwasan ang mga solidong pagkain sa loob ng ilang oras pagkatapos magsuka. Kailangang mapalitan ang likido sa katawan sapagkat ang pagsusuka ay nagdudulot ng pagkawala ng likido sa inyong katawan. Upang maiwasan ang muling pagsusuka, kailangang uminom ng tubig o fruit juice upang muling madagdagan ang likido at ibang madaling matunaw na pagkain, tulad ng lugaw at oatmeal.
3. Kung ang pagsusuka ay sanhi ng epekto ng gamot na iniinom, huwag itigil ang pag inom ng gamot pero kumonsulta agad sa inyong doktor.
4. Ang pagsusuka habang nagbubuntis ay maaaring magresulta ng hindi balanseng electrolytes at malnutrisyon. Kumain ng kaunti subalit madalas o kumain ng kaunting snacks sa pagitan ng bawat oras ng pagkain upang mabawasan ang sintomas.

Pagiimbak ng Gamot

Ang gamot ay kinakilangang itago sa isang tuyo at malamig na lugar. Sa pangkalahatan, hindi nila kinakailangang ilagay sa refrigerator maliban kung nasasaad sa label ng gamot. Gayundin, dapat silang itago ng maayos upang maiwasan ang aksidente ng pagkakamali sa paginom ng mga bata.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Marso 2023